



Mga Ahente ng Pagbabago at Di-Marahas na Kilos

Agents of Change and Nonviolent Action

Hardy Merriman

Conservation Biology, Volume 22, No. 2, April 2008
Translation: Xavier Roel Alvaran, June 2018



Mga Ahente ng Pagbabago at Di-Marahas na Kilos*

(isinalin ni Xavier Roel Alvaran)

Ang di-marahas na pagkilos ay isang paraan para sa mga karaniwang tao na maipaglaban ang kanilang mga karapatan, ang kalayaan, at ang katarungan. Ito ay madalas na naiuugnay sa moral o etikal na kawalang-karahasan, ngunit tutukuyin ko ito dito bilang isang natatanging penomeno, na hiwalay sa anumang moral o etikal na mga batayan, upang matalakay nang husto kung paano ito gumagana bilang isang pragmatikong paraan para makapagpunyagi sa isang tunggalian.

Nakabatay ang di-marahas na kilos sa pananaw na sukdulang nanggagaling ang kapangyarihan sa lipunan mula sa pahintulot at pagsunod ng mamamayan. Sa kabilang panig, ang nananaig na pananaw ay ang kapangyarihan sa isang lipunan ay likas na nakabatay sa sinumang may konsentradong yaman at ang may pinakamalaking kakayahan sa paggamit ng karahasan. Ngunit tulad ng ekonomiya na isang subsistema sa ilalim ng biyospero – at samakatuwid ay sukdulang pinamamahalaan ng mga batas ng biyospero – gayundin, ang mga sistema ng kapangyarihan na mistulang nakabatay sa karahasan at salapi ay talagang mga subsistema ng mas malawak na kaugalian at mga gawi sa pagsunod ng libo-libo o milyon-milyong mamamayan. Kung binabago ng mga mamamayan ang kanilang mga katapatang-loob, kaugalian, at pagsunod, nagbabago rin ang balanse ng kapangyarihan sa isang lipunan at sa mundo. Sa madaling salita, kung hindi sumusunod ang mga mamamayan, hindi makapamamahala ang mga namumuno o mga korporasyon.

Samakatuwid, nakapagpapakilos ng kapangyarihan ang di-marahas na kilos sa pamamagitan ng paglikha ng mga pagbabago sa mga katapatang-loob, kaugalian at mga gawi sa pagsunod sa kolektibong nibel. Maaari itong dramatikong mangyari, tulad halimbawa ng naganap sa ilang punto noong panahon ng Kilusan para sa Kalayaan ng India, ang Kilusan para sa Karapatang Sibil ng Estados Unidos, iba't ibang mga pakikibaka ng mga manggagawa (partikular na ang kilusan ng United Farm Workers noong gitna ng huling bahagi ng dekada '60), at ang pagbagsak nina Ferdinand Marcos (1986), Augusto Pinochet (1988), Apartheid sa Timog Aprika (1980s-90s), Slobodan Milosevic (2000), at ang sistemang awtoritaryan sa Ukraine (2004). O, ang mga pagbabago ay maaaring mangyari nang hindi kapansin-pansin, gaya ng tuwing

pinagpapasiyahan ng mga mamamayang bumili sa mga lokal na pinagmamay-aring mga negosyo, magsagawa ng boykot ng isang produkto, o magsimulang bumuo ng mga alternatibong institusyon at ekonomiya. Anuman ang marami nitong pamamaraan at manipestasyon, ang mga gawa ng di-marahas na kilos ay naisasailalim sa isa sa tatlong kategorya: mga kilos ng pakikilahok – kung saan ginagawa ng mga mamamayan ang mga bagay na hindi inaasahan, hindi nararapat, at hindi pinahihintulutan; mga kilos ng pagtalikda – kung saan hindi ginagawa ng mga mamamayan ang mga bagay na inaasahan, nararapat, at pinahihintulutan nilang gawin; o ang kombinasyon ng mga kilos ng pakikilahok at pagtalikda.¹

Upang maitaguyod ang mga pagpapalit ng pagsunod at mga gawi sa kaugalian ng mga mamamayan, mahalagang unawain kung bakit sumusunod o kumikilos ang mga mamamayan sa ganoong paraan sa simula pa lamang. Nagkakaiba-iba ang mga dahilan sa iba't ibang lipunan, ngunit dalawa sa pinakakaraniwang dahilan sa pagsunod na aking napansin sa aking trabaho kasama ang mga aktibista at mga organisador mula sa iba't ibang panig ng mundo: 1. ang nararamdaman ng mga mamamayan na walang alternatibong paraan ng pag-uugali at 2. nagkukulang sila sa lakas ng loob na makagagawa ng pagbabago ang kanilang mga pagkilos. Maraming tao ang nakalimot na sila ang tunay na may hawak sa kapangyarihan sa kanilang lipunan. Tiyak, pinalalakas ng pormal na edukasyon, mga korporasyon, mga pamahalaan, at media ang salaysay na ang kapangyarihan ay nananahan lamang sa iilang indibidwal na nasa gusali ng pamahalaan o sa mga punong tanggapan ng mga korporasyon, at ang salapi at mga baril (kung saan may monopolya sila) ang mga sukdulang pinanggagalingan ng kalakasan. Umaayon ang mga salaysay na ito sa kanilang mga hangarin. Gayunpaman, ang mga matagumpay na kilusan sa kasaysayan ay ginising ang mga tao sa katotohanang sa pamamagitan ng kanilang mga kolektibong pagkilos, ang mga mamamayang organisado na may iisang bisyon at estratehikong kumikilos ay higit na malakas kaysa sa mga hukbo at salapi. Anumang kontemporaneong kilusan mula sa ibaba na nais makaangat ay nararapat na isaalang-alang ang katotohanang ito at gawing pangunahing punto ng retorika nito ang pagpapaalala sa mga mamamayan na sila ay makapangyarihan.

Bilang pag-usad, hindi lamang sinasabi ng mga matagumpay ng pagkilos na ang mga mamamayan ay makapangyarihan, isinasabuhay rin nila ang kapangyarihan ng tao sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga layuning malinaw at kayang matamo, at saka itinatala at isinasapubliko ang kanilang mga pagkapanalo. Ang kanilang mga pagkapanalo mismo ay maaaring limitado, ngunit ang epekto ng mga ito sa pagpapakilos ng mga mamamayan ay

maaaring maging napakalaki. Bilang halimbawa, itinuon ng Kilusan para sa mga Karapatang Sibil ng Estados Unidos ang kanilang lakas sa pagpigil sa pagbubukod ayon sa lahi sa mga bus sa Montgomery, Alabama noong 1955 hanggang 1956 at pagpigil sa pagbubukod ayon sa lahi sa mga kainan sa Nashville noong 1960. Itinuon naman ng Kilusan para sa Kalayaan ng India ang sarili nitong gawain sa pagkakamit ng mga konsesyon mula sa mga Briton ukol sa Salt Acts at iba pang mga batas noong 1930 hanggang 1931. Sa sandaling makamit, ang mga layuning ito ay mumunti lamang kumpara sa higanteng mithiing supilin ang segregasyon sa buong Katimugan ng Estados Unidos o makamtan ang kasarinlan sa India. Ngunit ang totoong bisa ng mga ito ay nasa pagiging katalisador ng mga kilusang ito. Pinakita ng mga pagkapanalong ito sa mga mamamayan na mahalaga ang kanilang mga pagkilos at may kakayahan silang lumikha ng pagbabago, na nagdulot ng paglobo ng suporta at pagpapakilos at dinala ang mga kilusang ito sa nasyonal at internasyonal na entablado.

Hindi nakamit ang mga layuning ito dahil lamang sa pagsunod ng Kilusan para sa mga Karapatang Sibil ng Estados Unidos o ng Kilusan para sa Kalayaan ng India sa mataas na moral na tuntunin. Nakamit din ang mga ito dahil sa pagsisikap, pagkamalikhain, at mahusay na pagsusuring pampolitika. Totoo ito sa lahat ng matatagumpay na di-marahas na kilos. Gayunpaman, nakaliligtaan ng marami ang katotohanang ito at sa halip ay ipinagpapalagay na ang di-marahas na kilos ay pawang kinabibilangan lamang ng mga pampublikong protesta, mga pagpapahayag ng galit, at mga moral na atas, o nakadepende lamang ang tagumpay nito sa isang karismatikong pinuno o anumang uri ng mahiwagang kapangyarihan. Hindi ito ganoon. Hindi rin nito hinihinging makilahok lamang ang mga taong tapat sa ideolohiya ng pasipismo o etikal na kawalang-karahasan. Ang hinihingi nito ay isang pangkalahatang bisyon na pinagkakaisa ang mga mamamayan, matinong estratehikong pagplano, mabisang komunikasyong pampubliko, at ang pagtukoy ng mga naaangkop na paraan para sa sitwasyon. Walang pormulang kasya sa lahat – ang di-marahas na kilos ay espesipiko sa lugar na pinagkikilusan. Bagaman ang mga prinsipyong namamahala rito, tulad ng kapangyarihang nakabatay sa pagsang-ayon at pagsunod, ay magkakapareho sa lahat ng mga pakikibaka, ang paglapat nito ay nakadepende sa konteksto at mga detalye ng partikular na komunidad. Maipahayag man ito bilang matapang na aksiyong pampubliko, di-halatang pagbabago sa mga nakasanayang sistema ng pagbili, o pareho (karamihan sa mga kilusan ay may malawak na pagpipilian ng mga taktika na dinisenyo para gamitin ng mga mamamayan na may iba't ibang nibel ng pakikilahok), nagbibigay ito ng daan para sa mga mamamayan na gumamit o lumikha

ng politikal na espasyo sa kanilang lipunan kung saan maaaring pakilusin ang mga konsensyon mula sa matagal nang katunggali.

Sa kabutihang palad, maraming intelektuwal na gawain, saliksik, at komunikasyon ang naisagawa ukol sa paano maaaring magamit ng mamamayan, o sa tanang kasaysayan ay nagamit nila, ang di-marahas na kilos para magkamit ng mga dakilang resulta. Ang pangangailangan sa kaalamang ito ay dumadami sa kanilang kumikilala sa kapangyarihan at potensiyal na pinanghahawakan ng di-marahas na kilos. Hindi mo ito mababasa sa karamihan sa mga peryodiko, at hindi ka makatatagpo ng maraming politikong nakikipag-usap tungkol dito, ngunit kung makikipag-usap ka sa mga organisador sa lokal na pamayanan at sa mga kasapi ng lipunang sibil sa iba't ibang panig ng mundo, sasabihin nila ito. Kinikilala nila na ang mga mamamayan sa lipunan ay ang mga ahente ng pagbabago at ang pagbabago sa estruktura ay nililikha mula sa ibaba pataas. Hindi sila naghihintay para sa isang tao na pamunuan sila, dahil nauunawaan nila na karamihan sa mga pinuno sa pamahalaan at korporasyon ay hindi mamumuno sa paggawa ng tama kung ang kanilang mga sinasakupan ay hindi nakikilahok at hindi alam ang paraan upang panagutin sila. Samakatuwid, ang mga mamamayan sa buong mundo ay lalong tinitingnan ang di-marahas na kilos (na maaari nilang gamitin kasama ng pagboto, ligal na sistema, at iba pang tradisyonal na paraan sa paggawa ng pagbabago) bilang pragmatikong paraan upang palakasin ang mga komunidad na maipanalò ang mga karapatang pantao, kalayaan, katarungan, katapatan, mga karapatan ng kababaihan, ng mga katutubo, at ng minoritya, at pangangalaga sa kalikasan. Anuman ang layunin sa paggamit ng di-marahas na kilos, ang pang-unang kahingian nito ay ganoon pa rin: ang muling pagbabalangkas ng konsepto ng kapangyarihan sa mga isipan ng mamamayan. Ang pagbabahagi ng kaalamang ito, at ang pagmulat sa mga mamamayan sa angkin nilang kapangyarihan, ay mahalagang tungkulin sa pagbabago ng landas ng sangkatauhan.